Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang Elections BC

Toll-free: 1-800-661-8683
(kapag nasa North America)
TTY: 1-888-456-5448

Mailing Address:
PO Box 9275 Stn Prov Govt
Victoria, BC V8W 9J6

Telepono: 250-387-5305
Fax: 250-387-3578
Toll-free Fax: 1-866-466-0665

Email: electionsbc@elections.bc.ca
Website: elections.bc.ca

I-scan ang code na ito o magpunta sa elections.bc.ca/register para magrehistro online.

ELECTIONS BC
A non-partisan Office of the Legislature

MGA OPSYON SA PAGBOTO

ELECTIONS BC
A non-partisan Office of the Legislature

Maraming iba't-ibang mga paraan para bumoto sa isang provincial election sa B.C. Basahin sa ibaba ang iyong mga opsyon para bumoto.

ADVANCE VOTING



- May anim na araw ng advance voting sa B.C. provincial elections.
- Ang mga botante ay maaaring bumoto sa anumang advance voting na lugar.
- Ang mga lugar para sa advance voting ay bukás mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. (local time).

HULING ARAW NG PAGBOTO

- Ang mga botante ay may nakatakdang lugar ng botohan sa Huling Araw ng Botohan, pero makakaboto sila sa ibang lugar ng botohan kung iyon ay mas madali nilang mapupuntahan.
- Ang mga lugar para sa huling araw ng botohan ay bukás mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. (Pacific time).
- Ang mga preliminary na resulta ng eleksyon ay irereport pagkatapos magsara ng pagboto sa Huling Araw ng Botohan.

PAGBOTO PARA SA DISTRICT ELECTORAL OFFICE

- Sa panahon ng isang eleksyon, ang mga botante ay maaaring bumoto sa anumang district electoral office.
- Ang pagboto para sa district electoral office ay available mula sa panahon kung kailan tumawag ng eleksyon hanggang 4 p.m. (Pacific time) ng Huling Araw ng Pagboto.

BUMOTO SA MAIL

- Ang mga botante ay maaaring magrequest ng isang vote-by-mail na package mula sa Elections BC online o sa telepono. Ang package ay ipapadala sa kanila sa mail. Ang mga botante ay mayroon ding opsyon na magrequest ng isang package sa kanilang local district electoral office.
- Ang mga kinompletong packages ay maaaring ibalik sa mail o dalhin sa isang district electoral office, lugar ng botohan, o iba pang awtorisadong lokasyon (tingnan ang website ng Elections BC para sa isang kompletong listahan).
- Ang nakompletong packages ay dapat matanggap ng Elections BC nang hindi lalampas ng 8 p.m. (Pacific time) sa Huling Araw ng Pagboto.

SAAN BOBOTO

- Sa panahon ng isang eleksyon, ang mga lugar ng botohan ay ililista sa wheretovote.elections.bc.ca.
- Bago magsimula ang advance voting, ang Elections BC ay magpapadala rin sa bawat rehistradong botante ng isang Where to Vote card na naglilista ng mga lugar ng botohan sa electoral district ng botante.

MAY-TULONG NA PAGBOTO SA TELEPONO

- Ang mga botante ay makakaboto sa telepono kung natutupad nila ang ilang takdang criteria. Kabilang sa criteria na ito ang pagiging bulag, pagkakaroon ng isang kapansanan o kondisyon sa kalusugan na naghahadlang sa pagboto nang mag-isa, o pagtanggap ng pangangalaga sa isang ospital. Kung nais mong bumoto sa telepono, kontakin ang Elections BC para malaman kung natutupad mo ang criteria.

Tandaang magdala ng ID at dalhin ang iyong Where to Vote card kapag ikaw ay boboto.